

MAGHANDA

KING COUNTY



King County
Emergency Management

MGA PAGKILALA

BINUO NINA

Susanna Trimarco, Pangasiwaan ng Emergency ng King County; Kayla Sainati, Lungsod ng Tukwila; Shannon Kirchberg, Lungsod ng Des Moines; Will Lugo, Lungsod ng SeaTac; at Sophia Lopez, Lungsod ng Seattle

SA TULONG NINA

Ellen Montanana, Lungsod ng Bellevue; Albi Pacewicz, Lungsod ng Issaquah; Shaunise Sowders, Pangasiwaan ng Emergency ng King County; at Jim Schunke, Lungsod ng Pacific.

PINANSYAL NA SUPORTA

Kinikilala ng King County Office of Emergency Management (Tanggapan ng Pangasiwaan ng Emergency) ang pinansyal na suporta ng FEMA para sa publikasyong ito, sa pamamagitan ng Assistance Listing Number (Numero ng Talaan ng Tulong, ALN) 97.067. Gayunpaman, ang publikasyong ito ay hindi nangangahulugang iniendorso ito ng FEMA o sumasalamain sa mga pananaw ng FEMA.

ESPESYAL NA PASASALAMAT

Espesyal na pasasalamat sa Listos California sa paggamit ng kanilang mahusay na workbook bilang batayan sa pagbuo ng nilalaman.

Espesyal na pasasalamat din sa Pangkat na Naghahatid ng mga Programang Pangkomunidad at sa lahat ng sumusuporta sa pampublikong edukasyon sa Rehiyon ng King County.

MAGHANDA PARA SA ANUMANG SAKUNA




1.

Tumanggap ng mga abiso at alamin kung ano ang dapat gawin.



2.

Gumawa ng plano upang maprotektahan ang iyong mga mahal sa buhay.



3.

Mag-impake ng Go Bag na may mga bagay na kakailanganin mo.



4.

Bumuo ng Emergency Supply Kit.



5.

Tumulong sa mga kaibigan at kapitbahay na maghanda.



6.

Matuto Pa Gamit ang mga Karagdagang Sanggunian.



7.

Maghanda para sa mga Lokal na Panganib.





1. TUMANGGAP NG MGA ABISO AT ALAMIN KUNG ANO ANG DAPAT GAWIN

Mag-sign up para makatanggap ng mga abisong pang-emergency. Pumunta sa **kingcounty.gov/alert** o gamitin ang iyong lokal na sistema ng abisong pang-emergency. I-access ang impormasyon tungkol sa sistema ng pag-aabiso ng inyong lokal na pamahalaan sa **kingcounty.gov/localEM**.

ANG AKING LOKAL NA SISTEMA NG ABISO AY:

LOKAL NA SISTEMA NG ABISO

IBA PANG MGA SISTEMA NG ABISO (SA TRABAHO, BIYAHE, LIBANGAN, ATBP.)

Humanap ng mapagkakatiwalaang pinagmumulan ng balita.

Kapag may sakuna, kailangan mong malaman kung ano ang nangyayari at makatanggap ng pinakabagong impormasyon tungkol sa kung ano ang dapat gawin at kung saan dapat pumunta. Maraming paraan upang makuha ang impormasyong ito.



Telebisyon



Radyo



Dial 211



Landline Phone



Cell Phone




Email



Smartphone



Social Media



Ham Radio

KABILANG SA MGA LOKAL NA ISTASYON SA RADYO NA NAGBABAHAGI NG IMPORMASYON SA PANAHON NG EMERGENCY ANG:

KIRO 710 AM

KOMO 1000 AM

KPLU 88.5 FM

AM 1610

MGA WEBSITE NG MAPAGKUKUNAN SA EMERGENCY

WA211.org | **KCEmergency.com**

Tingnan dito ang mga impormasyon tungkol sa mga emergency ng lokal o county

Tingnan ang website ng inyong lokal na pamahalaan para sa iba pang paraan ng pagkuha ng impormasyon sa panahon ng emergency.

2. GUMAWA NG PLANO UPANG MAPROTEKTAHAN ANG IYONG MGA MAHAL SA BUHAY: MAKIPAG-UGNAYAN AT MAGBIGAY PROTEKSYON



Pag-isipan kung sino ang gusto mong makausap sa panahon ng sakuna. Gumawa ng listahan ng malalapit na kamag-anak, kaibigan, kapitbahay, o tagapag-alaga. Magbahagi ng kopya ng listahang ito sa lahat ng nasa listahan.

Sa iyong contact list, isama ang isang tao na nasa labas ng lugar kung saan ka nakatira—isang taong hindi maaapektuhan ng lokal na sakuna. Sa panahon ng sakuna, maaaring hindi gumana ang mga lokal na cell tower at maaaring hindi makalusot ang mga lokal na tawag. Maaaring kang makipag-ugnayan at ang iyong mga mahal sa buhay sa isang kamag-anak o kaibigang nasa labas ng lugar upang ipaalam na kayo ay ligtas, kung nasaan kayo, at iba pang mahahalagang impormasyon.

MGA EMERGENCY CONTACT

PANGALAN NG CONTACT	
CELL PHONE	HOME PHONE
TRABAHO/PAARALAN	EMAIL
ADDRESS	

PANGALAN NG CONTACT	
CELL PHONE	HOME PHONE
TRABAHO/PAARALAN	EMAIL
ADDRESS	

PANGALAN NG CONTACT	
CELL PHONE	HOME PHONE
TRABAHO/PAARALAN	EMAIL
ADDRESS	

CONTACT SA LABAS NG LUGAR

PANGALAN NG CONTACT SA LABAS NG LUGAR	
CELL PHONE	
HOME PHONE	
EMAIL	
TRABAHO/PAARALAN	
ADDRESS	



Subukang **mag-text** kung hindi makalusot ang mga lokal na tawag sa telepono sa panahon ng sakuna.



Panatiliing **available ang charger at back-up na mapagkukunan ng baterya** para sa iyong cell phone.



2. GUMAWA NG PLANO UPANG MAPROTEKTAHAN ANG IYONG MGA MAHAL SA BUHAY: MGA HAKBANG SA PAGLIKAS

Kung ang iyong tahanan, paaralan, o lugar ng trabaho ay naging delikado sa panahon ng sakuna, kailangan mong pumunta sa isang ligtas na lugar upang makasama ang mga taong mahalaga sa iyo. Bago pa man magkaroon ng sakuna, pumili na ng ligtas na lugar ng pagtatagpuan para sa iyo at sa iyong pamilya. Markahan ang lokasyong ito sa isang naka-print na mapa o paper map. Makakatulong ang paper map sa pagtakas kung wala kang cellular service.



Magplano nang maaga. Alamin ang mga pinakaligtas na ruta papunta sa inyong pinagkasunduang tagpuan ng pamilya.

1. Sundin ang tagubilin ng mga lokal na awtoridad.

Maaaring magmula ang mga tagubilin sa inyong bumbero, kapulisan, o mga opisyal ng lungsod o county sa pamamagitan ng mga abisong pang-emergency, social media, at balita sa telebisyon o radyo.



Mag-sign up para sa mga lokal na abiso sa kingcounty.gov/alert para manatiling may alam sa panahon ng mga kalamidad at emergency. Pumunta sa kingcounty.gov/localEM para malaman ang tungkol sa mga lokal na sistema ng pag-aabiso.

2. Alamin ang iba't ibang paraan ng mabilis na paglabas mula sa iyong tahanan o komunidad.

Sa panahon ng sakuna, maaaring hindi mo magamit ang karaniwang daan. Maaaring sarado ang mga kalsada at ruta ng bus na karaniwan mong ginagamit. Pag-aralan ang iba pang mga ruta ng paglikas na maaaring gamitin sa panahon ng emergency.

3. Maging handang pumunta sa inyong napagkasunduang lugar ng pagtatagpo ng pamilya.

Ihanda na ang Go Bag na may mga supply (pahina 8-9). Makipag-ugnayan sa mga taong mahalaga sa iyo at sa mga nagmamalasakit sa iyo. Magpasya kung puwede at ligtas na pumunta sa bahay ng kamag-anak o kaibigan. Kung hindi, humanap ng ligtas na lugar.



Magsanay ng paglikas kasama ang mga taong sasama sa iyo. Sa ganitong paraan, alam ninyo kung paano magsasama-sama sa panahon ng emergency.



Magsanay ng pakikipag-ugnayan sa iyong contact Sa Labas ng Lugar.

2. GUMAWA NG PLANO PARA PROTEKTAHAN ANG IYONG MGA MAHAL SA BUHAY: TALAAN NG MGA LOKAL NA MAPAGKUKUNAN SA PANAHOON NG KALAMIDAD



Isulat ang mahahalagang numero ng telepono at website ng mga organisasyong puwedeng tumulong sa iyo sa panahon ng emergency.

MAHAHALAGANG CONTACT SA PANAHOON NG EMERGENCY

KAGAWARAN NG PAMATAY-SUNOG	
TELEPONO	WEBSITE
SHERIFF/KAGAWARAN NG PULISYA	
TELEPONO	WEBSITE
LOKAL NA AHENSYA NG PAMAMAHALA NG EMERGENCY	
TELEPONO	WEBSITE
AHENSYA NG PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON	
TELEPONO	WEBSITE
KOMPANYA NG INSURANCE	
TELEPONO	WEBSITE
KOMPANYA NG UTILIDAD	
TELEPONO	WEBSITE
IBA PA	
TELEPONO	WEBSITE

IYONG MAHAHALAGANG LUGAR

ORGANISASYONG SUMUSUPORTA
TELEPONO
WEBSITE
ORGANISASYONG SUMUSUPORTA
TELEPONO
WEBSITE
ORGANISASYONG SUMUSUPORTA
TELEPONO
WEBSITE



Ang 911 ay **hindi** para sa pagbibigay ng impormasyon. **I-dial ang 211** para sa impormasyon sa panahon ng emergency.



3. MAG-IMPAKE NG GO BAG NA MAY MGA BAGAY NA KAILANGAN MO: MAG-IMPAKE NANG MAAGA

Karamihan sa mga kalamidad ay nangyayari nang walang babala. Maaaring wala kang panahon para mamili o mag-impake pa. Maglaan ng panahon ngayon para i-impake ang mahahalagang gamit para sa bawat miyembro ng sambahayan sa panahon ng emergency. Sa ganitong paraan, mayroon kayo ng mga kailangan ninyo kapag dumating ang sakuna.

MAG-IMPAKE NA NGAYON

✓ Mga Dokumento

- Mga kopya ng ID at insurance.
- Mga titulo ng lupa, sasakyan, at iba pang mahahalagang papeles.
- Mga litrato ng pamilya at alagang hayop.
- Isama ang kopya ng workbook na ito na napunan na.
- Isaalang-alang ang digital na kopya at kopya sa papel. Siguraduhing ligtas ang mga digital na kopya at may password.




✓ Pera

- Mas mainam ang maliliit na denominasyon, lalo na ang \$1 at \$5
- Gumastos ayon sa budget, magtabi ng kaunting halaga nang paunti-unti.




✓ Mapa

- Markahan sa paper map ang iba't ibang ruta palabas ng inyong lugar.



✓ Listahan ng Gamot

- Ilista ang lahat ng reseta.
- Ilista rin ang iba pang mahahalagang impormasyon sa kalusugan, gaya ng allergy, mga kondisyon sa kalusugan, mahahalagang gamit at kagamitan, at impormasyon ng iyong doktor.



✓ Tubig at Pagkaing Hindi Kailangang Palamigin

- Isama ang ilang bote ng tubig at pagkaing puwedeng itago nang matagal.
- Regular na suriin ang expiration date.



GO BAG

An illustration of various personal items arranged horizontally. From left to right: a grey wallet containing two green banknotes and some coins, a set of keys with a white fob, two pill bottles (one yellow with white capsules, one white with blue capsules), a black smartphone displaying a green screen with a grid of app icons, and a white charging cable with a USB-A connector.

Mga damit? Toothbrush? Isipin ang mga bagay na araw-araw ninyong ginagamit sa bahay. Ang mga sanggol, alagang hayop, matatanda, at mga taong may kondisyon sa kalusugan o may kapansanan ay maaaring may partikular na pangangailangan na dapat mong paghandaan.

[illegible]



EMERGENCY
SUPPLY KIT

4. BUUIN ANG EMERGENCY SUPPLY KIT PARA SA MGA PANAHONG HINDI KA MAKALALABAS: MAHAHALAGANG ITEM

Sa ilang mga sakuna, mas ligtas ang manatili sa bahay. Pero maaaring mawalan ng kuryente kaya hindi mo mapapalamig ang pagkain, makakapagbukas ng ilaw, o makakapag-charge ng telepono.

Magdagdag ng mga gamit sa Emergency Supply Kit, para sa mga panahong hindi ka makakalabas ng bahay. Subukang maging handa hangga't maaari at magkaroon ng sapat na supply para sa 2 linggo. Magtabi ng pakaunti-kaunti hanggang sa makaipon ng sapat para sa lahat ng nasa inyong tahanan. Huwag kalimutang isama ang mga alagang hayop!

MAG-IMPAKE NA NGAYON



Tubig

Magtabi ng 1 galon ng tubig bawat tao kada araw. Huwag kalimutan ang tubig para sa mga alagang hayop, at tandaan na may mga taong maaaring mangailangan ng mas maraming tubig (tulad ng mga buntis o may mga partikular na kondisyong medikal).



Alamin kung paano makakakuha ng tubig mula sa iba't ibang bahagi ng inyong bahay at matutong magsanay ng ilang paraan para linisin ang tubig.



Pagkain

Magtabi ng pagkaing madaling dalhin, mataas sa enerhiya at protina, at hindi na kailangang lutuin.

Ikaw ang mas nakakaalam kung ano ang gusto ninyong kainin ng iyong pamilya.

Huwag kalimutang magtabi ng pagkain para sa mga alagang hayop o service animal.



Mga Supot ng Basura

Magtabi ng mga ekstrang plastik na supot na maaaring gamitin para sa basura, upang manatiling tuyo ang mga tao at gamit, at para sa iba pang gamit sa emergency.



Gumastos ayon sa iyong badyet. Makakahanap ng mga mura o libreng gamit para sa iyong Emergency Kit sa mga thrift store, organisasyong nagbibigay-tulong, at food bank.

4. BUUIN ANG IYONG EMERGENCY SUPPLY KIT PARA SA PANAHONG HINDI KA MAKALALABAS: MAHAHALAGANG GAMIT



Isulat ang lahat ng mahahalagang gamit na ginagamit mo araw-araw, tulad ng toilet paper, na maaaring maubos kung ikaw ay ma-stranded sa bahay ng ilang araw. Magtabi ng kaunti pang ekstra sa iyong Emergency Supply Kit para sa mga panahong hindi ka makakapunta sa tindahan.



5. TULUNGAN ANG MGA KAIBIGAN AT KAPITBAHAY NA MAGHANDA

Habang sinasagot ang mga tanong sa ibaba, isipin kung sino ang maaaring tumulong sa inyong komunidad sa panahon ng sakuna.

PANGALAN NG MGA KAPITBAHAY AT CONTACT INFO.

PANGALAN NG KAPITBAHAY
CELL PHONE
PANGALAN NG KAPITBAHAY
CELL PHONE
PANGALAN NG KAPITBAHAY
CELL PHONE
PANGALAN NG KAPITBAHAY
CELL PHONE
PANGALAN NG KAPITBAHAY
CELL PHONE
PANGALAN NG KAPITBAHAY
CELL PHONE

SINO ANG NASA BAHAY SA INYONG SAMBAHAYAN SA MAGHAPON?

SINO ANG NASA BAHAY SA IYONG KAPITBAHAYAN NA MAAARING MAKATULONG SA IYO SA MAGHAPON?

PAPANO NAMAN SA GABI? SA WEEKEND?

SINO SA IYONG KAPITBAHAYAN ANG MAAARING MANGAILANGAN NG TULONG?




Makipagkilala sa iyong mga kapitbahay bago magkaroon ng emergency o sakuna. Pag-usapan kung paano kayo maaaring magtulungan bago at habang may sakuna.



Isaalang-alang ang pagsali o pagbuo ng grupo para sa paghahanda ng kapitbahayan. Bisitahin ang mil.wa.gov/neighborhoods para sa matuto pa.

6. MATUTO PA SA PAMAMAGITAN NG MGA KARAGDAGANG SANGGUNIAN: STEP-BY-STEP NA KALENDARYO NG PAGHAHANDA



Hindi mo kailangang sundan nang eksakto ang kalendaryong ito. Gawin lamang ang ilang hakbang bawat buwan, ayon sa iyong bilis. May kapanatagan sa kaalaman na handa kayo ng iyong mga mahal sa buhay sa panahon ng sakuna.

BUWAN 1

Mag-impake ng Go Bag para sa bawat miyembro ng sambahayan. (pahina 6-7)


Mag-sign up para sa mga lokal na abisong pang-emergency sa **kingcounty.gov/alerts**. (pahina 2)



BUWAN 2

Gumawa ng **Emergency Plan** para sa iyong pamilya, mga kapitbahay, at tagapag-alaga. (pahina 3, 5)


Pag-usapan ang inyong mga plano kasama ang mga taong nasa listahan mo.



BUWAN 3

Alamin ang iba't ibang ruta ng paglikas at markahan ang mga ito sa mapa.

Sanayin ang inyong **Evacuation Plan**. (pahina 4)



BUWAN 4

Simulan ang pag-iimpake ng **Emergency Supply Kit** upang maging ligtas at komportable sa bahay. (pahina 8-9)

Gawin ito paunti-unti hanggang sa makaramdam ka ng kahandaan.



BUWAN 5

Ihanda ang **Iyong Tahanan** (pahina 18-19)

Magsagawa ng hazard hunt, gumawa ng listahan ng mga natukoy na panganib. Lagyan ng tsek ang mga natukoy na panganib habang ginagawa mo ang mga hakbang para ayusin ang mga ito.



BUWAN 6

Ulitin

Kapag nakumpleto mo na ang mga hakbang sa paghahanda, simulan muli! Suriin at palitan ang mga expired na gamit isang beses sa isang taon. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na emergency management office para sa iba pang paraan ng pakikilahok.





6. MATUTO PA: MGA PANGUNAHING TIP PARA SA ANUMANG SAKUNA



Magdala ng Identification: Maaaring magkahiwalay ang mga pamilya kapag dumating ang sakuna. Maaaring magkahiwalay rin ang mga tao at kanilang mga alagang hayop.



Ang bawat isa sa inyong tahanan ay dapat may dalang identification.



Maglagay ng sulat na naglalaman ng identification sa bag ng mga bata sa paaralan.



Isaalang-alang ang paggamit ng medical alert tag o bracelet.



I-update ang mga tag at microchip ng mga alagang hayop.



Makakatulong ang mga litrato ng pamilya at alagang hayop upang muling magkita-kita.



Bumuo ng Network ng Suporta: Gumawa ng backup plan para sa emergency. Isipin kung sino ang maaari mong maasahan.



Makipag-usap sa iyong mga kapitbahay tungkol sa kanilang mga pangangailangan at sa iyo.



Magkaroon ng contact na nasa labas ng inyong lugar.



Magtanong sa mga paaralan tungkol sa mga plano para muling pagsamahin ang mga magulang at anak.



Magplano nang maaga kung sino ang mga may kasanayang makakatulong sa paglikas.



Ibahagi ang ekstrang susi sa mapagkakatiwalaang kaibigan para mailigtas ang iyong mga alagang hayop.



LISTAHAN NG IBA PANG MAHAHALAGANG TIP.





Magkaroon ng Ekstrang Gamot at Power Supply:

Maraming tao ang hindi kayang tumagal ng tatlong araw nang walang gamot. Ang ilan ay nangangailangan ng kuryente para sa kagamitan at mga device.

- ✓ Magdala ng ekstrang gamot kapag lalabas ng bahay.
- ✓ Magdala rin ng kopya ng mahahalagang medikal na impormasyon, kabilang ang pangalan ng doktor at reseta.
- ✓ Makipag-ugnayan sa iyong doktor o botika upang mapunan ang iyong reseta habang mayroon ka pang natitirang ilang dosis.
- ✓ Itago ang gamot ayon sa tagubilin at siguraduhing naka-charge ang mga kagamitan at device.
- ✓ Magkaroon ng backup plan para sa pag-charge at pagpapagana ng iyong mahahalagang kagamitan.



Bawasan ang Stress: Bawasan ang pisikal at mental na stress sa pamamagitan ng maagang pagpapalano.

- ✓ Tumawag sa **211** upang makahanap ng mga shelter para sa partikular na pangangailangan.
- ✓ Lagyan ng pangalan at impormasyon ng contact ang mga gamit sa iyong Go Bag.
- ✓ Mag-sign up para sa abiso mula sa iyong kompanya ng utilidad tungkol sa pagkawala ng kuryente.
- ✓ Mag-impake ng espesyal na medikal at pang-komunikasyong kagamitan.
- ✓ Matutong suportahan ang mga may kapansanan at may pangangailan sa pag-access at pagkilos. Bisitahin ang **Ready.gov/Disability** para sa karagdagang impormasyon.
- ✓ Isama ang mga pampakalmang bagay (laro, libro, litrato, atbp.) sa inyong mga emergency kit.





6. MATUTO PA: MGA TIP PARA SA IBA'T IBANG SITWASYON

Ang mga sakuna ay mahirap para sa lahat. Bawat isa sa atin ay may iba't ibang pangangailangan sa paghahanda para sa sakuna. Ikaw at ang mga taong mahal mo ay makikinabang sa maagang pagpapalano.

MAGHANDA



Mga Buntis

Magtanong sa iyong doktor kung paano ka makakakuha ng pangangalaga o manganganak sa panahon ng sakuna.

Magplano nang maaga upang makaiwas sa maruming hangin, lason sa tubig, at hindi ligtas na pagkain.

Sabihin sa staff ng shelter na ikaw ay buntis.



Mga Magulang ng Sanggol

Kung gumagamit ka ng formula, magtabi ng maraming malinis na tubig at formula. Isaalang-alang ang paggamit ng formula bilang backup kahit hindi mo ito madalas gamitin.

Kumuha o gumawa ng baby carrier kung sakaling kailangan mong maglakad nang malayo kasama ang sanggol.

Alamin ang safety plan ng tagapag-alaga ng iyong anak.



Mga Tagapag-alaga

Gumawa ng emergency plan kasama ang iyong inaalagaan.

Bumuo ng network ng suporta na puwedeng tumulong sa iyo sa panahon ng pangangailangan.

Tulungan ang iyong inaalagaan na mag-impake ng mga kailangang gamit.



Makipag-usap sa mga taong pinagkakatiwalaan mo – sa mga klinikang pangkalusugan, paaralan, mga simbahan, support group, pasilidad ng tinutulungang pamumuhay, ahensya ng serbisyong panlipunan, at Sentro ng Malayang Pamumuhay. Narito ang ilang safety tip na maaaring makatulong.

MAGHANDA



Mga May Alagang Hayop o Service Animal

Kung maaari, bigyan ang iyong alaga ng ID tag at microchip.

Mag-impake ng pagkain, tubig, gamot, at patunay ng bakuna.

Alamin ang mga hotel na tumatanggap ng alagang hayop sa inyong lugar. Ang BringFido.com, DogFriendly.com, at PetsWelcome.com ay mahusay na mapagkukunan para matuto pa. Pinapayagan ang service animal sa mga hotel at shelter sa ilalim ng Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong May Kapansanan).



Matatanda

Bumuo ng personal na network ng suporta ng pamilya, kaibigan, at iba pa na maaaring tumulong sa panahon ng emergency. Matuto pa sa Ready.gov/Older-Adults.

Ipaskil ang mga numero ng pamilya at emergency malapit sa inyong mga telepono.

Alamin ang mga emergency plan ng inyong komunidad para sa mga retirado o matatanda.



Mga Komunidad sa Kanayunan

Ibahagi ang mga abiso sa pamamagitan ng mga phone tree at ham radio network.


Makipagkita sa inyong mga kapitbahay upang pag-usapan kung paano magtutulungan.



6. MATUTO PA: MGA TIP PARA SA IBA'T IBANG SITWASYON

Para sa karagdagang mapagkukunan at mga tip sa paghahanda, makipag-ugnayan sa iyong lokal na Sentro ng Malayang Pamumuhay. **Matuto pa sa WASILC.org**

MAGPLANO NANG MAAGA



Mga Taong May Kapansanan sa Pag-unlad

Tukuyin ang mga mapagkakatiwalaang kasamahan na maaasahan sa panahon ng sakuna.

Gumawa ng plano kasama ang iyong network ng suporta.

Sanayin ang plano upang makadama ng kaligtasan.



Mga Taong May Kapansanan sa Pagsasalita at Komunikasyon

Magdala ng instruction card kung paano makikipag-ugnayan sa iyo ang ibang tao.

Magdala ng communication devices, phrase cards, o picture boards.

Alamin kung paano palitan ang iyong assistive device kung ito ay masira o mawala.



Mga Taong May Kapansanan sa Paggalaw o Iba Pang Pisikal na Kapansanan

Magplano nang maaga kasama ang mga mapagkakatiwalaang kasamahan para sa transportasyon.

Maghanda ng plano kung masira ang mga rampa o railing.

Lumikas agad upang magkaroon ng dagdag na panahon para ligtas na makaalis.



Bisitahin ang **Ready.gov/Disability** upang matuto pa tungkol sa mga espesipikong kapansanan at impormasyon ukol sa paghahanda para sa mga taong may kapansanan.



MAGPLANO NANG MAAGA



Mga Taong May Limitadong Transportasyon

Magsaayos ng carpool kung kailangan mong lumikas.

Isalang-alang ang paggamit ng pampublikong transportasyon - maaaring libre ito pagkatapos ng isang likas na sakuna.

Magplano nang maaga para sa accessible na transportasyon.



Mga Taong May Limited English Proficiency (Limitadong Kaalaman sa Wikang Ingles)

Humanap ng mapagkakatiwalaang mga taong makakausap ukol sa mga opsyon sa kaligtasan.

Hilingin sa mga kamag-anak o kaibigan na nagsasalita ng dalawang wika na ibahagi sa iyo ang impormasyon ukol sa emergency.

Alamin kung aling balita at social media ang nagbibigay ng mga abisong pang-emergency at impormasyon.



Mga Bagong Lipat sa Lugar

Matutunan ang mga pangunahing sistema ng emergency, tulad ng pag-sign up para sa mga abisong pang-emergency.

Alamin ang mga lokal na panganib.

Humanap ng mapagkakatiwalaang mapagkukunan ng tamang impormasyon ukol sa emergency.



6. MATUTO PA: PAGHAHANAP NG PANGANIB SA LOOB NG BAHAY

Tiyaking ligtas ang iyong tahanan sa panahon ng emergency at sakuna. Alisin at ayusin ang mga maaaring magdulot ng panganib sa pamamagitan ng Pagtuklas sa mga Panganib sa Tahanan.

✓ **Isaalang-alang ang mga panganib sa inyong lugar – ano ang mga maaaring panganib sa inyong bahay?**

- **Pumasok sa bawat silid at pag-isipan:**
 - Paano kung may lindol ngayon?
 - Paano kung mawalan ng kuryente?
 - Paano kung may sunog sa kuwartong ito?
- **Gumawa ng listahan ng mga bagay na kailangang gawing mas ligtas.**

NARITO ANG MGA HALIMBAWA PARA MAKAPAGSIMULA KA

Sa bawat silid ng bahay:

✓ **Pangkalahatang Kaligtasan:**

- I-secure ang mga kasangkapan at malalaking gamit na maaaring bumagsak sa lindol o mahila ng bata, gaya ng mga bookshelf, aparador, at water heater.
- I-secure din ang mga nakasabit o nakadikit sa dingding tulad ng sining, larawan, telebisyon, at malalaking gamit sa istante.
- I-secure ang mga basahan at pantakip sa sahig upang maiwasan ang pagkatapilok o pagkatumba.

✓ **Kaligtasan sa Sunog:**

- Siguraduhing may gumaganang mga smoke at carbon monoxide detector. Makipag-ugnayan sa inyong lokal na kagawaran ng pamatay-sunog kung kailangan ng tulong.
- Tiyaking may gumaganang fire extinguisher at alam kung paano ito gamitin.

✓ **Kaligtasan sa kuryente**

- Tiyaking madaling ma-access ang electrical panel.
- Suriin ang mga kable ng kuryente at saksakan:
 - Iwasang mag-overload ng outlet; gumamit ng power strip kung kinakailangan.
 - Huwag pagsamahin ang maraming extension cord. Huwag ikonekta ang power strip sa isa pang power strip.
 - Iwasang nakalaylay ang mga kable. I-secure ang mga kable gamit ang cord clip, cord cover, o tape. Ibalot nang maayos at ligtas ang sobrang haba ng kable.



Mag-invest sa pagpapabuti ng tahanan: Tiyaking may Ground Fault Circuit Interrupters (Proteksyon Laban sa Pagka-ground, GCFI) ang mga outlet sa kusina, banyo, at malapit sa mga pinagkukunan ng tubig.



ISAALANG-ALANG ANG BAWAT SILID SA IYONG TAHANAN:

✓ Sa Kusina:

- Tiyaking may nakaimbak na ABC fire extinguisher sa isang lugar na madaling maabot.
 - Alamin ang dalawa pang paraan upang apulihin ang apoy sa kusina: panatilihing malapit ang takip ng kawali kapag nagluluto, at maghanda ng baking soda o harina bilang alternatibong pang-apula.
- Itago nang maayos ang mga kemikal at panlinis sa bahay sa isang ligtas na lugar na hindi maaabot ng mga bata at alagang hayop. Iwasang isiksik ang mga gamit sa imbakan, tiyaking may tamang label ang mga produkto, at huwag paghaluin ang mga kemikal o panlinis.
- Siguraduhing ang mga matutulis na kutsilyo at appliances ay ligtas ang pagkakalagay.

✓ Sa Sala o Pamilya Room:

- Maging maingat sa mga posibleng sanhi ng sunog. May apuyan ba sa silid? May gumagamit ba ng kandila sa bahay? May naninigarilyo ba? Ang mga lampara at heater ba ay nakalagay sa ligtas na distansya mula sa mga kurtina o iba pang nakalaylay na tela?

✓ Sa mga Silid-Tulugan:

- Tiyaking malinis at walang harang ang mga daan palabas. I-secure ang malalaking kasangkapan o mga bagay na maaaring mahulog at humarang sa iyong paglabas.
- Ang mga pinagmumulan ng init ay dapat naka-set na may timer at malayo sa mga bagay na maaaring masunog.

✓ Sa Laundry o Utility Room:

- Panatilihing malinis at gumagana ang lint trap. Tiyaking malinaw din ang vent hose.
- I-secure ang malalaking appliance gamit ang mga strap.
- Ligtas na mag-imbak ng mga panlinis at kemikal.

✓ Sa Garahe, Shed, Attic, o Bodega:

- Ang mga kemikal at mapanganib na materyales, tulad ng mga langis at gasolina, ay dapat na ligtas na nakaimbak, selyadong mabuti, at may malinaw na label. Panatilihing malinis ang lugar na walang mga debri at itago ang lahat ng bagay na hindi maaabot ng mga bata.
 - Itago ang mga ginamit na mamantika o magrasang basahan sa isang selyadong metal na lalagyan.
 - Itapon nang maayos ang mga hindi nagamit na kemikal at panggatong.
- Siguraduhin na ang mga istante at iba pang kasangkapan ay naka-secure sa lugar.
- Panatilihing malinis at walang harang ang mga daanan at tiyaking madaling makuha ang mga tool kung kinakailangan.
- Sundin ang mga alituntunin sa kaligtasan ng mga tagagawa kapag gumagamit at nag-iimbak ng mga power tool.



Isaalang-alang ang edad ng iyong tahanan. Ang pag-retrofit para sa istrukturang pangkaligtasan laban sa lindol ay maaaring isang magandang opsyon. Pumunta sa www.wabo.org/earthquake-home-retrofit para matuto pa.

IBA PANG MGA BAGAY NA DAPAT ISAALANG-ALANG SA IYONG TAHANAN





7. MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB: MGA TIP SA KALIGTASAN: LINDOL

BAGO



I-secure ang matataas at malalaking muwebles sa dingding.



I-secure nang maayos ang mga bagay na nakasabit sa mga dingding. I-secure ang mabibigat at nababasag na mga bagay, o ilipat ang mga ito sa mababang istante.



Kunin ang libreng MyShake app para sa mga abiso sa lindol.



Praktisin ang Dumapa, Magtago at Kumapit.



Alamin kung paano patayin ang gas, kuryente, at tubig.

HABANG



Huwag magmadaling lumabas. Magtago sa ilalim ng mesa o desk.



Kung nasa kama, dumapa at takpan ng unan ang iyong ulo at leeg.



Kung nasa labas, lumayo sa anumang bagay na maaaring mahulog.



Kung nagmamaneho, maingat na ihinto ang kotse at huminto malayo sa mga gusali, puno, tulay, linya ng kuryente, at iba pang istruktura.



Kung nasa loob, manatili sa loob. Iwasan ang mga frame ng pinto.

MGA TIP SA KALIGTASAN: LINDOL



PAGKATAPOS



Maging handa sa mga after shock at maghanda para sa posibleng tsunami.



Suriin ang iyong sarili kung may mga pinsala.



Suriin ang mga posibleng panganib.



Kung nasa isang nasirang gusali, pumunta sa labas.



Kung nakulong, mag-text o gumawa ng ingay para ipaalam ang iyong lokasyon.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?




TIP: Makipag-usap sa iyong ahente ng insurance tungkol sa insurance sa lindol.



MGA TIP SA KALIGTASAN: PAGKAWALA NG KURYENTE

BAGO




Maghanda ng mga flashlight at lantern - walang kandila.



I-charge at ihanda ang mga portable charger.



Tiyaking kalahati o higit pa ang laman ng tangke ng gas ng iyong sasakyan.




Bumili ng pagkain na hindi masisira at hindi na kailangang lutuin.



Alamin kung paano panatilihin malamig ang pagkain at mga gamot sa panahon ng pagkawala ng kuryente.

HABANG



Tanggalin sa saksakan ang mga appliance at elektronikong kagamitan para maiwasan ang pagkasira.




Mag-iwan ng isang ilaw.



Limitahan ang pagbubukas ng iyong refrigerator at freezer upang panatilihin malamig ang pagkain.



Gumamit ng mga generator, camp stove, at grill sa labas at isang ligtas na distansya mula sa mga bintana at sistema ng bentilasyon.




Huwag gamitin ang iyong gas stove para sa init.

MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Itapon ang mga pagkaing maaaring sira o panis na.



Isaksak at i-on ang mga appliance at elektronikong kagamitan.



Mag-stock muli ng mga nagamit na supply.



I-recharge ang mga portable charger.



Maging alisto sa mga panganib sa kuryente sa inyong lugar.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?



Kung umaasa ka sa kuryente para sa mahahalagang kagamitang medikal, magplano nang maaga. Maghanda ng ekstrang baterya o alamin kung paano gumamit ng alternatibong paraan ng pagcha-charge.



MGA TIP SA KALIGTASAN: MGA CYBER ATTACK

BAGO



Gumamit ng malalakas na password, iwasan ang pag-uulit ng password, gumamit ng Multi-Factor Authentication.



Regular na tingnan ang aktibidad sa bangko at credit.



Limitahan ang personal na impormasyong ibinabahagi online.



Protektahan ang iyong home network. Regular na i-back-up ang iyong mga file.




Huwag kailanman mag-click sa kahina-hinalang mga link o sumagot sa mga tanong mula sa hindi kilala.

HABANG



I-report agad ang kahina-hinalang aktibidad sa iyong mga account (bangko, credit, social media, email, atbp.).



Agad na palitan ang mga password ng lahat ng online account.



Isaalang-alang ang pagpatay ng device at dalhin ito sa eksperto para ma-scan at maayos.



Ipaalam sa trabaho, paaralan, o iba pang gumagamit ng sistema.



Huwag matakot humingi ng tulong, pangkaraniwan na ang mga cyber-attack.

MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Mag-enroll sa programang proteksyon laban sa identity theft.



Mag-set ng paalala para regular na i-update ang mga password.



Ibahagi ang iyong karanasan sa mga kaibigan at pamilya.



Abisuhan ang mga contact na maaaring naapektuhan.



Suriin ang mga setting ng privacy sa mga device at social media.

NANGYARI BA ITO?



ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?



MGA TIP SA KALIGTASAN: PANDEMYA

BAGO



Suriin at unawain ang mga patakaran ng iyong insurance sa kalusugan.



Alamin kung paano kumakalat ang mga sakit.



Alamin at sanayin ang sarili sa mga paraan para makaiwas sa sakit.



Panatilihing napapanahon ang iyong mga bakuna at booster.



Gumawa ng mga digital na kopya ng mahahalagang dokumento tulad ng medikal na tala at protektahan ito gamit ang password.

HABANG



Manatili sa bahay kung may sakit o may nararamdamang sintomas.



Sundin ang pinakabagong panuntunan ng mga awtoridad sa kalusugan kung paano manatiling ligtas at malusog.



Panatilihin ang mabuting gawi sa kalusugan.



Ibahagi ang tamang impormasyon tungkol sa sakit.




Normal lang ang makaramdam ng pagkabalisa at stress.

MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Magpatuloy sa paggawa ng mga hakbang para sa kaligtasan.



Kausapin ang pamilya tungkol sa mga aral na natutunan at i-update ang inyong emergency plan kung kinakailangan.



Ipagpatuloy ang pagsunod sa mga patnubay sa kalusugan tungkol sa inirerekomandang mga bakuna at booster.



Alamin kung paano makakatulong sa pagbangon ng inyong komunidad mula sa epekto ng pandemya.



Ibahagi ang iyong karanasan para makatulong sa iba.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?

Handwriting practice area with horizontal dotted lines.



MGA TIP SA KALIGTASAN: PANAHOH NG TAGLAMIG

BAGO



Subaybayan ang mga ulat ng lagay ng panahon. Alamin ang iyong panganib sa mga bagyo sa taglamig.



Bumili ng mga kailangang supply nang maaga.



Ihanda ang iyong bahay at sasakyan para sa mga bagyo at nagyeyelong temperatura.



Maghanda na manatili sa bahay nang ilang araw.



Alamin ang mga senyales ng mga sakit dulot ng lamig.

HABANG NANGYAYARI



Manatili sa bahay at iwasan ang paglalakbay kung puwede.



Limitahan ang panahon sa labas at magsuot ng patong-patong na damit.



Gamitin lang ang mga generator at ihawan sa labas.



Kamustahin ang iyong mga kapitbahay.



Magbantay sa mga senyales ng mga sakit na dulot ng lamig.

MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Panatilihing walang sagabal ang mga bangketa at daanan sa labas ng bahay.



Palitan ang mga nagamit na supply.



Maghanda sa posibleng karagdagang problema sa lagay ng panahon.



Suriin ang mga posibleng panganib sa paligid ng bahay (tumbang puno, linya ng kuryente, trapiko, atbp.).



Suriin kung may pinsala sa bahay at tiyaking gumagana pa ang mga carbon monoxide detector.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?

Handwriting practice area with horizontal dotted lines.



MGA TIP SA KALIGTASAN: BAHA

BAGO



Panatilihing walang bara ang mga daluyan ng tubig at imburnal.



Gamitin ang mga waterproof na lalagyan para protektahan ang mga dokumento at mahahalagang gamit.



Kumuha ng insurance laban sa baha. Kuhanan ng litrato ang mahahalagang gamit.



Tiyaking kalahati o higit pa ang laman ng tangke ng gas ng iyong sasakyan.



Alamin ang pinakamabuting ruta ng paglikas papunta sa mataas na lugar.

HABANG



Manatili sa bahay at iwasan ang paglalakbay kung puwede.



Huwag lalakad o langgoy sa tubig-baha. Ang 6 pulgadang dumadaloy na tubig ay kayang magpatumba ng isang nasa hustong gulang.



Iwasan ang pagmamaneho sa tubig-baha. Ang 12 pulgadang dumadaloy na tubig ay kayang tumangay tng isang sasakyan.



Mag-ingat sa posibleng mudslide at landslide.



Makinig sa mga update sa lagay ng panahon at mga abisong pang-emergency.



Kung makulong sa sasakyan sa mabilis na agos ng tubig, manatili sa loob ng sasakyan. Kung tumataas na ang tubig, pumunta sa bubong.

MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Asahan na maaaring magtagal ang tubig-baha.



Iwasang maglakad o magmaneho sa tubig-baha. Maaaring kontaminado ang tubig-baha.



Huwag bumalik sa mga lugar na nilisan hanggang sa sabihin ng mga awtoridad na ligtas na iyon.



Mag-ingat sa mga peste at mga gamit sa bahay na maaaring kontaminado.




I-dokumento ang anumang pinsala.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?

Handwriting practice area with horizontal dotted lines.



MGA TIP SA KALIGTASAN: MATINDING INIT

BAGO



Kung may aircon ka, patingnan ito nang regular.



Alamin ang iba pang paraan para mapanatiling malamig ang bahay.



Kumustahin ang mga mahal sa buhay at mga kapitbahay na madaling tamaan.



Alamin ang mga senyales at sintomas ng mga sakit na dulot ng init.



Alamin ang mga lugar na may aircon tulad ng mall, sinehan, at aklatan kung saan puwede kang magpalamig.

HABANG NANGYAYARI



Uminom ng maraming tubig at inuming walang asukal o caffeine.



Iwasan ang mga aktibidad sa labas ng bahay o ang mga gawaing nakakapagod.



Magsuot ng maluwag, magaan, at maliwanag na kulay ng damit.




Kumustahin ang mga mahal sa buhay at mga kapitbahay na madaling tamaan.



Magbantay sa mga senyales at sintomas ng sakit dahil sa init, at kumonsulta agad sa doktor kung kailangan.

MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Mag-stock muli ng mga supply.



Patuloy na kamustahin ang mga mahal sa buhay at mga kapitbahay na madaling tamaan.



Humingi ng atensyong medikal kung kailangan.



Linisin at palitan ang mga filter sa bentilador at sa mga aircon.



Patuloy na magbantay sa mga senyales at sintomas ng sakit na dulot ng init.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?

Handwriting practice area with horizontal dotted lines.



MGA TIP SA KALIGTASAN: USOK/KALIDAD NG HANGIN


BAGO




Mag-subscribe sa sistema ng abiso at babala ng inyong komunidad.



Alamin kung paano makukuha ang impormasyon at forecast tungkol sa kalidad ng hangin.



Tiyaking malinis at napapalitan nang regular ang mga filter ng HVAC at hangin sa bahay.



Matutong gumawa ng DIY filter fan kung kinakailangan.



Mag-stock ng N95 mask sa bahay at sa mga sasakyan.

HABANG



Subaybayan ang impormasyon at forecast tungkol sa kalidad ng hangin.



Paniwalaan ang pakiramdam mo – kung nakikita mo, nalalasan, o naamoy mo ang usok, pumasok sa loob ng bahay.



Bawasan ang pisikal na aktibidad.




Limitahan ang paglabas, magsuot ng protective mask kung kailangan talagang lumabas.



Alamin ang mga salik na nagpapataas ng panganib – kilalanin ang mga panganib sa kalusugan ng iyong pamilya batay sa edad at kondisyon.


MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Mag-stock muli ng mga nagamit na supply.



Palitan ang mga filter sa HVAC o filter fan.



Maging maingat sa mga maaaring matagalang epekto sa kalusugan.



Kausapin ang pamilya tungkol sa mga aral na natutunan at i-update ang emergency plan kung kinakailangan.



Linisin ang mga panloob na ibabaw upang alisin ang abo o alikabok na maaaring naipon. Magsuot ng mask upang hindi makalanhap ng alikabok o maliliit na partikula habang naglilinis.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?




MGA TIP SA KALIGTASAN: WILDFIRE


BAGO



Kapag may red flag warning, ibig sabihin, MAGHANDA NA.



Magplano para sa mga posibleng pagkawala ng kuryente. Huwag gumamit ng mga kandila.



Tiyaking kalahati o higit pa ang laman ng tangke ng gas ng iyong sasakyan.



Ihanda ang mga kopya ng mahahalagang dokumento.



Mag-iwan ng puwang sa pagitan ng iyong bahay at mga tanim na halaman.

HABANG



Huwag “hintayin kung ano ang mangyayari.” Umalis kapag sinabihan!



Kung mausok, gumamit ng mask. Kung posible, manatili sa loob ng bahay.



Isara ang lahat ng pinto at bintana.



Makinig sa mga balita at abisong pang-emergency para sa karagdagang tagubilin.



Ihanda ang mga alagang hayop para sa paglikas.



TIP: Para sa karagdagang tip sa kaligtasan mula sa wildfire, bisitahin ang Programang FireWise sa: nfpa.org/public-education


MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Mag-stock muli ng mga nagamit na supply.



Palitan ang mga filter sa HVAC o filter fan.



Maging maingat sa mga maaaring matagalang epekto sa kalusugan



Kausapin ang pamilya tungkol sa mga aral na natutunan at i-update ang emergency plan kung kinakailangan.



Huwag bumalik sa mga lugar na nilisan hanggang sa sabihin ng mga awtoridad na ligtas na iyon.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?

Handwriting practice area with multiple horizontal lines for writing.




MGA TIP SA KALIGTASAN: SUNOG SA GUSALI

BAGO



Alamin kung paano tumawag sa 911. Tiyaking updated ang iyong insurance policy.




Gumawa at praktisin ang evacuation plan ng pamilya. Isama ang lugar ng tagpuan at ang kahit dalawang daan palabas sa bawat kuwarto.



Maglagay ng smoke at carbon monoxide detector sa bahay. I-test ang mga baterya dalawang beses sa isang taon.



Magkaroon ng home fire extinguisher at alamin kung paano ito gamitin.



Matulog nang nakasara ang mga pintuan sa kuwarto; maglagay ng sapatos sa ilalim ng kama.

HABANG



Tumawag sa 911.



Lumikas. Isara ang mga pinto at bintana habang lumalabas.



Kung hindi makalabas, tiyaking nakasara ang pinto. Magbigay ng senyales sa mga rumespondeng tagapagligtas kung nasaan ka.



Tiyaking nakalabas ang lahat ng miyembro ng pamilya at mga alagang hayop.



Kapag nakalabas na, huwag nang bumalik sa gusali. Makipag-ugnayan sa mga rumespondeng tagapagligtas.

MAGHANDA PARA SA MGA LOKAL NA PANGANIB



PAGKATAPOS



Makipag-ugnayan sa iyong insurance company at idokumento ang mga pinsala.




Magsaliksik ng mga lokal na organisasyon at programang puwedeng tumulong.



Palitan ang mga smoke at carbon monoxide detector.



Makipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan para ipaalam na ligtas ka.



Suriin ang mga aral na natutunan at i-adjust ang evacuation plan.

NANGYARI BA ITO?

ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?


Handwriting practice area with horizontal dotted lines.



MGA TIP SA KALIGTASAN: _____

BAGO











HABANG












**MGA TIP SA
KALIGTASAN:** _____



PAGKATAPOS



Two horizontal dashed lines for writing.



Two horizontal dashed lines for writing.



Two horizontal dashed lines for writing.

Two horizontal dashed lines for writing.

Two horizontal dashed lines for writing.

NANGYARI BA ITO?




ANO ANG GUMANA AT ANO ANG HINDI GUMANA? ANO ANG GAGAWIN MO SA IBANG PARAAN?

Eight horizontal dashed lines for writing.


KARAGDAGANG MGA NOTA



A large rectangular area with horizontal dotted lines for writing notes.



www.kingcounty.gov/prepare



King County
Emergency Management